Philippine Overseas Employment Administration
Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2008 CIP/4676/12/08/811
JAB ACCREDITED QMS Certification Body Accreditation No: MSA-001

News Release
May 2, 2016

# Training center na recruiter, sarado sa POEA

Naisara po kamakailan lamang ng mga operatiba ng POEA, Makati Public Employment Service Office, at Makati PNP ang ROSELINK TECHNICAL SKILLS DEVELOPMENT & TRAINING CENTER, INC. na nasa Batangas St. corner Guatemala St., Bgy. San Isidro, Makati City. Nahuli kasi sa akto ng ILLEGAL RECRUITMENT o recruitment na walang POEA license ang limang tauhan ng ROSELINK TECHNICAL SKILLS DEVELOPMENT & TRAINING CENTER na sina Natividad "Natie" V. Villacarlos, Clarita "Claire" A. Orbeta, Rowelyn T. Smith, Ric V. Villacarlos Jr., and Carol Nakao.

Si Orbeta ang nahuling nagsasagawa ng orientation patungkol sa trabaho daw sa abroad ng mga aplikante, habang sina Natie Villacarlos at Smith ang nagsasaayos ng mga papeles o dokumento ng mga biktima. Sina Ric Villacarlos at Nakao naman ang nagsasagawa ng language training.

Itinuro ng mga nasabing tauhan ng ROSELINK ang sinasabing may-ari na si Rosemarie S. Silva. Utos daw ni Silva ang mag-ipon ng mga aplikante para sa medical examination at language training.

Ang modus operandi ng ROSELINK at mga tauhan nito ay recruitment ng mga factory workers, caregivers, nursing aide, construction worker, welder, mason, at electrician para daw sa Japan. May sinisingil na P3,500 medical examination fee at P30,000 tuition training fee.

Ginagamit ng ROSELINK ang language training center para makapag-akit ng mga aplikante para sa Japan. Pinapadaan ang mga biktima sa

language training na may kasabay na interview, para mairefer daw sila sa mga employers sa Japan. Pero wala namang lisensiya para mag-recruit mula sa POEA ang ROSELINK.

Kasabay nito, ang pag-recruit ng nurses at caregivers para sa Japan ay sa pamamagitan lamang ng POEA "government-to-government hiring" lamang, at hindi maaring isagawa ng mga pribadong recruitment agency. At lalo naman hindi puwedeng isagawa ng illegal recruiter.

Kakasuhan ng ILLEGAL RECRUITMENT sa Department of Justice sina Villacarlos, Orbeta, Smith, Nakao at Silva.

Maging matalino, huwag magpaloko!